



Nayon ng Leeds at ang 1000 mga Isla

www.leeds1000islands.ca

Ang Nayon (Township) ay sumasaklang sa Aksis ng Frontenac (Frontenac Axis), isang heolohikong pormasyon na nag-uugnay sa Canadian Shield patungo sa mga Bundok ng Adirondack ng New York. Ito ang nagpapaliwanag sa walang kapantay na likas na kagandahan, isang puntong pinagtutuunan para sa lokal na industriya ng mabuting pagtanggap sa bisita. Ang isang bahagi ng Frontenac Arch Biosphere, isang lugar ng UNESCO, ay matatagpuan sa loob ng mga hangganan nito. Sa kabila ng magaspang na heograpiya, ang baka, pagawaan ng gatas, tupa at patubuang mga ani ay lumalago. Ang masigasog na nayong ito ay may mga magsasaka na nagbibigay ng mga benta ng mga purong lahi ng mga baka (pedigree livestock), dayami, maging ang nagyeyelong embrayo ng baka sa mga banyagang pamilihan. Ito ay ipinagmamalaking ipinahahayag na sa agrikultura ang "Leeds ay namumuno" ("Leeds leads"). Naroon rin ang umuunlad at muling pinasiglang mga komunidad ng Rockport at Seeleys Bay. Ang Rockport, tahanan ng Rockport Boat Line, ay ang lugar kung saan nilagdaan ng nayon ang kasunduan ng pagkakaibigan nito sa 1000 Islands China noong 2009.



Ang komunidad ay naghahandog ng isang napakahusay na kalidad ng buhay kung saan ang mga residente ay maaring mabuhay, magtrabaho at magbakasyon nang lahat-lahat sa isang lugar. Ang Leeds at Thousand Islands ay may mga tanawing nakaharap sa ilog at maraming mga lawang malayo sa aplaya na ikalulugod. Ang nayon ay sumasaklaw sa ilang 1,078,641 mga ektarya at sinisilbihan ng trans-Canadian rail at mga daanan ng hayway. Ang Thousand Islands International Bridge ay nasa loob ng nayon at konektado sa Estado ng New York. Ang malaking bahagi ng nayon ay nasa loob ng bantog na rehiyon ng 1000 Islands at ito ay may halos 950 mga isla.

Buong Populasyon: 9,465 (Statistics Canada 2016 Census)

Katamtamang Temperatura ng Enero: -8°C (27°F)

Katamtamang Temperatura ng Hulyo: 26°C (70°F)

Karaniwang Ulan Taon-taon: 784 mm rain, 198 cm snow

Per Capita na Kita: \$87,130

Karaniwang Kita ng Sambahayan: \$99,629


Karaniwang Antas ng Pagkawala ng Trabaho: 5-6 %

Mga Taong Nasa Hustong Gulang na May Mataas na Paaralang Edukasyon: 2,495

Mga Taong Nasa Hustong Gulang na May Kolehiyo o Unibersidad na Diploma: 4,300

Karaniwang Buwanang Halaga ng Upa ng 2 Kuwartong Apartment: \$1,051

Silid-tulugan ng average 3 hiwalay bunggal: \$359,319



Karagdagang Impormasyon:

Steven Potter, Pinunong Opisyal Pang-administratibo
Nayon ng Leeds at ang 1000 mga Isla

1233 Prince St. P.O. Box 280, Lansdowne, ON, KOE 1L0 Canada
613-659-2415 / cao@townshipleeds.on.ca



where lifestyle
grows good business

www.leedsgrenville.com



Leeds & Grenville
IMMIGRATION
PARTNERSHIP

www.NewcomersInfo.ca